


# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagbibigay ng Wakas sa Napakinggang Teksto



**Filipino– Ikaanim na Baitang 6**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pabibigay ng Wakas sa Napakinggang Teksto**  
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

<b>Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul</b>	
<b>Manunulat:</b>	Rodelyn T. Alejandro
<b>Editor:</b>	Lilibeth D. Meliton
<b>Tagasuri:</b>	Susan J. Quistadio Junry M. Esparar Celestino S, Dalumpines IV
<b>Tagaguhit:</b>	Jonard A. Villarde
<b>Tagalapat:</b>	Jeson A. Telesforo Paul Andrew A. Tremedal
<b>Tagapamahala:</b>	Gemma M. Ledesma Salvador O. Ochavo, Jr. Elena P. Gonzaga Donald T. Genine Celestino S. Dalumpines IV Segundina F. Dollete Shirley A. De Juan Merlie J. Rubio

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education – Region VI**

Office Address : Duran Street, Iloilo City

Telefax : (033) 336-2816 (033) 509-7653

E-mail Address : region6@deped.gov.ph

# **Filipino**

## **Ikalawang Markahan – Modyul 3: Pagbibigay ng Wakas sa Napakinggang Teksto**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**




**K**amusta? Nasiyahan ka ba sa modyul 2? Ngayon naman ay dumako na tayo sa modyul 3.

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para malinang ang iyong kasanayan. Makatutulong ito para mabatid mong maigi ang kaalaman tungkol sa pagbibigay-wakas sa napakinggang teksto.

**P**agkatapos ng pag-aaral sa modyul na ito ikaw ay inaasahang:

- nagagamit ang dating kaalaman sa pagbibigay ng wakas ng napakinggang teksto. **(F6PB-Ii-14)**



## Subukin

**S**ubukin nga natin ang angkin mong talino!

Ipabasa nang malakas sa iyong tagapaggabay ang kuwentong “**Si Jayden, Ang Batang Masinop**”. Pakinggang mabuti upang maunawaan mo ito. Maaari mo rin itong basahin muli pagkatapos pakinggan. Sagutin ang mga kasunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.



### Si Jayden, Ang Batang Masinop



Maagang nagising si Aleng Mae, araw kasi ng oryentasyon ng mga magulang kung paano nila magagabayan ang kanilang anak sa pag-aaral ngayong pandemya. *Modular Learning Modality* ang napili nila para sa pag-aaral ng anak na nasa ika-anim na baitang. Kasama niyang dumalo sa virtual na oryentasyon ang anak na si Jayden.

Pagkatapos ng oryentasyon, nagsimula na si Jayden na mag-ayos ng kaniyang mga gamit sa pag-aaral. Hinalukay niya ang mga lumang kuwaderno, tinanggal ang mga pahinang nagamit na at pinagsama-sama ang mga walang sulat. Tinahi niya ito at nilagyan ng cover. Nasa kaniyang tabi ang lumang *pencil case* at mga ballpen, pati mga lapis at pantasa.

“Jayden, anong ginagawa mo anak?” tanong ng ina. “Ay! Sinisinop ko po ang mga gamit ko noong nasa ikalimang baitang po ako. Sayang naman po kung hindi magagamit ang mga ito. Maaari ko pa pong gamitin ito bilang sagutang-kuwaderno kung sakaling kakailanganing ilakip sa modyul na matatanggap natin, hindi po ba Inay?” ang nananabik na sagot ng anak.

Ang larawan na ito ay iginuhit nina Jonard Villarder

*“Ano naman ang gagawin mo riyan sa mga lumang lapis mo? Bibilhan ka naman namin ng Itay mo ng bago kapag nakasahod na siya. Sa Oktubre a singko pa naman ang pasukan at matagal-tagal pa iyon”, dagdag pa ng ina.*

*“Inay naman, sayang po ang mga ito. Kung sakaling kukulangin, saka nalang po ninyo ako ibili ng karagdagang gamit. Gamitin muna ninyo ang sahod ni Itay pambili ng ibang kailangan natin dito sa bahay”, tugon ni Jayden.*

*“O sige kung iyan ang gusto mo, ikaw ang bahala. Hala bilisan mo na riyan at maglalaba pa ako”, pahabol ng ina.*

*“Opo inay, hayaan mo’t ipag-iigib kita mamaya ng tubig pambanlaw mo kapag natapos ko nang ayusin itong mga lumang gamit ko,” pangiting sagot ni Jayden.*

Ipinagpatuloy ni Jayden ang kaniyang ginagawa. Nang matapos niya ang mga ito, kaagad niyang binitbit ang timba at ipinag-igib ang kaniyang ina.

*Sariling Katha: Lilibeth D. Meliton*

### **Mga Tanong:**

1. Sino ang pangunahing tauhan sa teksto?
2. Bakit maagang gumising si Aleng Mae?
3. Ano ang ginawa ni Jayden pagkatapos ng oryentasyon?
4. Paano inaayos ni Jayden ang kaniyang mga lumang gamit noong siya ay nasa ikalimang baitang pa lamang?
5. Bakit niya sininop at inayos muli ang mga lumang gamit?
6. Sang-ayon ka ba sa kaniyang ginawa? Bakit?
7. Ipaliwanag ang pamagat na *“Si Jayden, Ang Batang Masinop”*.
- 8-9. Subukin mong ipakita ang pagiging malikhain, magbigay ng iyong sariling wakas ng kuwento. Isulat ito sa maikling talata na may tatlong pangungusap.
10. Tungkol sa ginawang wakas, bakit ito ang iyong ginawang sariling wakas?

**Aralin****3****Pagbibigay ng Wakas sa  
Napakinggang Teksto****Balikan**

**N**aaalala mo pa ba ang iyong napansin o nasaksihan sa panahon ngayon ng *quarantine* sa inyong lugar? Basahin ang sumusunod na sitwasyon at magbahagi ng nasaksihan tungkol dito.

Nang magkaroon ng pandemya, agad na isinailalim sa *Enhanced Community Quarantine* (ECQ) ang mga lugar na labis na apektado nito. Ang ibang lugar naman na hindi pa lubhang apektado ay nasa *Modified General Community Quarantine* (MGCQ) at ang ilan ay *General Community Quarantine* (GCQ). Sa pangunguna ng *Inter-Agency Task Force* nagpatupad ng mga patakaran na kailangang sundin sa buong bansa para sa kaligtasang panlahat.

**Mga pangyayaring iyong nasaksihan tungkol sa binasang sitwasyon sa itaas:**

1.
2.
3.
4.
5.





## Tuklasin

**H**alika at tunghayan ang maikling kuwento na nakasulat sa ibaba na may pamagat **Ang Batang may Kapansanan**. Ipabasa nang malakas sa isang kasama sa bahay. Makinig at unawain ang kuwento. Sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



### Ang Batang may Kapansanan

Mula sa kaniyang pagsilang ay maliit na ang isang paa ni Maria. Malambot iyon at nakabaluktot. Nang siya ay lumaki-laki ipinasuri siya ng kaniyang mga magulang sa mahuhusay na doktor. Ang sabi ng mga doktor ay hindi na siya gagaling. Habambuhay na raw magiging lumpo si Maria. Labis na nalungkot at naawa sa kaniya ang magulang.

Sa kabila ng lahat, nagpatuloy sa kaniyang pangarap si Maria. Lumaki siyang matapang at matatag. Pinalaki kasi siya ng kaniyang ina na madasalin. Mayroon siyang malaking pananalig sa Diyos kaya naman nagawa niyang tanggapin ang kalagayan.

Habang nagdadalaga ay nahilig si Maria sa musika. Nakatutugtog siya ng maraming uri ng instrumento. Marami ang humahanga sa taglay niyang galing sa pagtugtog. Upang lalo pa siyang maging mahusay, pinag-aral siya ng kaniyang ina sa pagtugtog ng piyano. Natuklasan ni Maria na kulang man siya ng paa, sobra naman siya sa talino sa musika. Maraming mga guro sa musika ang humanga sa kaniya. Lahat ay gusto siyang maging estudyante.

Sa paglipas ng panahon, ibang-iba na si Maria. Ano sa palagay mo ang nangyari kay Maria?

*Sariling akda: Rodelyn T. Alejandro*

### Mga Tanong:

1. Sino ang pangunahing tauhan sa teksto? Ilarawan siya.
2. Ano ang katangian ni Maria na para sa iyo ay kahanga-hanga? Bakit?
3. Ano ang kinahiligang gawin ni Maria? Ano ang natuklasan niya tungkol dito?
4. Bakit maraming humahanga sa kaniya?
5. Dugtungan ang sumusunod, bigyan ng sariling wakas ang kuwentong napakinggan:

**Sa paglipas ng panahon, ibang-iba na si Maria. Siya ay \_\_\_\_\_**

---



## **Suriin**




**M**agaling ang iyong ginawa. Napukaw na ba ang iyong kaisipan sa pagkakaroon ng kaalaman sa pagbibigay ng angkop na kinalabasan o wakas ng tekstong napakinggan?

Ang wakas ay ang huling bahagi ng isang kuwento, akda, o teksto. Ito ay maaaring maging solusyon ng suliranin o kahihinatnan ng mga pangyayari.

Paano ba ang epektibong pagbibigay ng wakas sa isang kuwento, akda o teksto?

Para makapagbigay ng sariling wakas sa mga akda o teksto, kailangang paganahin ang malikhaing pag-iisip at malawak na imahinasyon. Samantala, narito ang ilang mga dapat tandaan sa epektibong pagbibigay-wakas sa napakinggan o nabasang kuwento, akda, o teksto:

1. Maghanda ng gamit sa pagtatala ng mahahalagang detalye. (papel bolpen/lapis)
2. Makinig nang mabuti (kung pakikinggan ang akda) at unawaing mabuti (kung sariling babasahin ang akda).
3. Tandaan ang bawat detalye o mahahalagang impormasyon.
4. Isaisip ang mensaheng hatid ng napakinggan o nabasa.
5. Pagnilayan ang nais mong mangyari sa akdang walang wakas. Maging malikhain sa pag-iisip ng maganda at kahanga-hangang wakas.
6. Magpasya kung anong wakas ang gusto mong ilalapat o magaganap.
7. Isulat ito nang malinaw at maayos.



## Pagyamanin

### Gawain 1

Ipabasa sa iba (isang kasama mo sa bahay) nang may tamang lakas. Maaari mong basahin muli pagkatapos pakinggan. Piliin ang pinaka-angkop na wakas ng sumusunod na sitwasyon. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Tanghali na nang magising si Janela. Nagmamadali siya sa pagpasok sa paaralan, napansin niyang maraming nakatingin sa kaniyang paa. Tumingin siya sa ibaba at napansing \_\_\_\_\_.

- A. mabilis ang kaniyang paglalakad
- B. madulas ang kaniyang dinadaan
- C. suot niya ang bagong biling pantalon
- D. magkaiba ang kulay ng kaniyang suot na sapatos

2. Makulit na bata si Rino. Maaga pa ay pumunta na siya sa bahay ng kaniyang kaibigan. Tuwang-tuwa niyang pinaglalaruan ang mga tuta sa silong ng bahay nang bigla siyang umiyak kasi \_\_\_\_\_.

- A. kinagat siya ng aso
- B. nahuli siya ng may ari
- C. inaway siya ng kaniyang kaibigan
- D. naalala niya ang kaniyang magulang

3. Masayang umuwi ng bahay si Fred galing sa paaralan. Tuwang-tuwa siya sa nakahain sa mesa at agad siyang napaupo at sarap na sarap siya sa kanilang ulam, ang paborito niyang adobong manok. Pagkatapos kumain lumapit siya sa bintana at himas-himas ang busog na tiyan. Tumingin siya sa labas nang bigla siyang natigilan nang \_\_\_\_\_.

- A. may panauhing dumating
- B. umalis ang kaniyang mga magulang
- C. tahol ng tahol ang kaniyang alagang aso
- D. nawawala sa kulungan ang alagang manok

4. Mahilig sa matamis si Ayesha. Madalas siyang kumain ng tsokolate, kendi, *cake* at *ice cream*. Isang araw, nakita ng nanay na umiiyak si Ayesha hawak niya ang kaniyang pisngi.

- A. Siya ay nilagnat.
- B. Sumakit ang kaniyang ulo.
- C. Namamaga ang kaniyang mata.
- D. Masakit ang ngipin ni Ayesha.

5. Kinakabahan si Tomy. Hindi siya mapakali. Ngayon ibibigay ang resulta ng pagsusulit. Tinawag ang kaniyang pangalan. Nakangiti siya nang bumalik sa upuan.

- A. Siya ay nakapasa sa pagsusulit.
- B. Hindi nakapasa ang kaniyang kaibigan.
- C. Wala sa talaan ang kaniyang pangalan.
- D. Mababa ang kaniyang nakuhang iskor.

## Gawain 2

Ipabasa nang malakas sa iba ang teksto at pakinggan ito nang mabuti. Pagkatapos ay bigyan ng angkop na wakas ang mga pangyayari. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Si Marcus ay masipag at matalinong mag-aaral. Nakikinig siyang mabuti sa kaniyang mga guro at lahat ng kaniyang takdang-aralin at proyekto ay ipinasa niya sa tamang oras. Mataas ang mga marka niya sa lahat ng pagsusulit. Madalas siyang lumahok sa mga paligsahan sa kanilang paaralan. Matulungin din siya sa kaniyang guro at kaklase. Sa araw ng pagtatapos, nasa pinakaharap na hanay ang kaniyang mga magulang. Tuwang- tuwa sila.  
\_\_\_\_\_
2. Si Ana ay mahilig sa mga hayop ngunit wala siyang alaga dahil wala siyang pambili. Gusto niyang mag-alaga ng aso. Isang araw, habang pauwi mula sa paralan, may narinig siyang mahinang iyak. Pumunta siya sa gilid ng daan at sumilip sa ilalim ng halaman. May nakita siyang maliit na tuta na umiiyak at parang tinatawag ang kaniyang nanay. Luminga-linga siya sa paligid at wala siyang nakitang aso o tao sa paligid.  
\_\_\_\_\_
3. Dumungaw si Leo sa kanilang bintana at nakitang umuulan. Naisip niyang maligo sa ulan kaya nagmamadali siyang lumabas. Tumakbo siya at nagtampisaw sa tubig. Buong hapon siyang naglalaro sa ilalim ng ulan. Kinagabihan, habang siya ay naghahanda na sa pagtulog, nagsimula siyang bumahing. \_\_\_\_\_
4. Matalik na magkaibigan sina Brenda at Amy. Pareho silang malusog at matakaw sa pagkain. Isang araw, sinundo ni Brenda si Amy para doon mananghalian sa kanila dahil siya ay nag-iisa sa kanilang bahay. Habang ang kaniyang mga magulang ay nasa trabaho, masaya silang kumain  
\_\_\_\_\_
5. Sumama si Elena sa kanilang *Fieldtrip* sa Iloilo. Nawili siya sa panonood ng iba't -ibang hayop. Hindi niya namalayan na napahiwalay na siya sa kaniyang grupo. \_\_\_\_\_

### Gawain 3

Ipabasa nang may kalakasan ang bawat teksto. Muli rin ito basahin pagkatapos pakinggan. Iguhit ang gusto mong maging wakas nito. Sa ilalim ng iyong iginuhit, ipaliwanag kung bakit ito ang nais mong wakas. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Masayang umuwi ang magkapatid dahil natapos na ang pagsusulit at mataas ang kanilang nakuhang grado. Ito'y isang magandang balita para sa kanilang magulang. Pagdating sa kanilang bahay nagulat sila nang makita na maraming pagkain ang nakahanda sa mesa.

2. Si Diego ay mag-aaral sa ika-anim na baitang. Siya ay nag-iisang anak lamang at mahal na mahal ng magulang. Masayang-masaya siya nang dumating ang kaniyang ama galing Saudi. Bagong sapatos ang sumalubong sa kaniya.



### **Isaisip**

A. Punan ang sumusunod na talahanayan.


Ano ang iyong mga natutuhan?	Gaano ito kahalaga?

B. Kompletuhin ang sumusunod:

Mahalagang matutuhan kung paano nagagamit ang dating kaalaman sa pagbibigay ng wakas sa napakinggang kuwento sapagkat \_\_\_\_\_


---

---



## **Isagawa**

Mag-isip ng isa sa mga paborito mong kuwento. Gamit ang diyagram sa ibaba tukuyin ang mga mahahalagang impormasyon tungkol dito. Gamit ang mga natutuhan mo sa araling ito, magbigay din ng sarili mong mungkahing wakas sa tinukoy mong paboritong kuwento. Gawin ito sa iyong sagutang papel.





## Tayahin

**A**ng galing! Binabati kita at napagtagumpayan mo ang mga gawain. Umabot ka na sa Tayahin. Sige sagutin mo ang mga katanungan dito sa tulong ng iyong magulang, kapatid o kasama sa bahay.




Ipabasa nang may kalakasan at makinig nang maigi upang maunawaan ang teksto. Basahing muli pagkatapos pakinggan. Ano kaya ang magiging wakas ng sumusunod na sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Nawili si Janna sa pakikipagkuwentuhan sa mga kaklase kaya hindi niya namalayang dumidilim na pala. Bilin sa kaniya ng magulang umuwi nang maaga. \_\_\_\_\_.
  - A. Naiwan siya ng sinasakyang dyip.
  - B. Masaya siyang sinalubong ng mga kapatid.
  - C. Antok at pagod ang kaniyang nararamdaman.
  - D. Pagdating sa bahay ay pinagalitan siya ng kaniyang magulang.
2. Masipag na magsasaka si Mang Karyo. Marami siyang tanim na mga gulay. Inaalagaan niya ang mga ito at nilalagyan ng pataba.
  - A. Dinala ni Mang Karyo ang mga gulay sa palengke.
  - B. Araw-araw binibisita ni Mang Karyo ang kaniyang taniman.
  - C. Lumaking malulusog at matataba ang kaniyang mga pananim.
  - D. Tuwang-tuwa ang kaniyang mga kapitbahay sa binigay na mga gulay.
3. Kumain ng mangga at bagoong si Ana. Nangati ang kaniyang katawan. Nagkaroon siya ng *allergy*.
  - A. kumain at nagpahinga
  - B. pumunta siya ng klinik at *nagpacheck up*
  - C. ipinagwalang bahala ang nararamdaman
  - D. itinago niya at hindi ipinalam sa magulang
4. Nais ni Karlo na mamitas ng mangga ngunit malaki at mataas ang puno. Kumuha siya ng hagdag kawayan at isinandal sa puno. Nakaakyat nga siya ngunit pagdaan ng naghahabulang mga bata, nabundol nila ang hagdan at nabuwal ito. Upang makababa \_\_\_\_\_.
  - A. nagpasalamat sa mga tumulong sa kaniya.
  - B. sumigaw si Karlo para humingi ng tulong.
  - C. pinapabalik ang hagdan para siya ay makababa.
  - D. pinagalitan ang mga batang nakabundol sa hagdan.

5. Hindi makatulog si Ronald. Pabaling-baling siya sa higaan. Kumakalam ang kaniyang sikmura. Pumunta siya sa kusina.
- Nakinig siya ng balita sa radyo.
  - Pinilit niyang pumikit kahit gising ang diwa.
  - Si Ronald ay masayang nagluto at kumain.
  - Kinausap niya ang kaniyang mga magulang.
6. Si Mang Delmo ay isang magbubukid. Marami siyang tanim na mangga sa kaniyang bukirin at nilalagyan niya ng tamang gamot ang mga ito.
- Napagod siya kaya nagpahinga.
  - Inubos ng peste ang kaniyang mga pananim.
  - Masayang isinasagawa niya sa kaniyang gawain.
  - Naging malusog at namunga nang marami ang kaniyang tanim.
7. Masinop at matalinong bata si Maria. Lagi siyang nag-aaral ng leksiyon. Hindi siya lumiliban sa klase. Nakikinig siyang mabuti sa kaniyang guro.
- Si Maria ay nangunguna sa klase.
  - Marami siyang kaibigan sa paaralan.
  - Pinagmalaki siya ng kaniyang magulang.
  - Mababa ang nakuha niyang iskor sa pagsusulit.
8. Maagang umuwi si Melody galing sa paaralan. Masakit na masakit ang kaniyang ulo. Mainit ang kaniyang buong katawan at nanginginig sa lamig. Nais niyang mawala ang sakit kaya napagpasiyahan niya na \_\_\_\_\_.
- kumain at magpahinga
  - nagkaroon ng sipon at ubo
  - uminom ng gamot sa lagnat
  - maligo para mawala ang init sa katawan
9. Matakaw sa pagkain si Mimi kaya nga siya ay matabang bata. Isang araw, dumalo sila sa piyesta at maraming masasarap na pagkain sa mesa kaya naparami ang kain niya.
- Hindi siya nabusog sa kaniyang kinain.
  - Nagpasalamat sa kaibigang nag-imbita.
  - Masayang umuwi kasama ang kaibigan.
  - Si Mimi ay busog na busog sa kaniyang kinain.
10. Kumidlat ng matalim. Kumulog nang malakas. Umihip ang malakas na hangin. Bumuhos ang malakas na ulan.
- Maliligo sa ulan.
  - Hindi lalabas sa bahay.
  - Masarap matulog kapag malamig ang panahon.
  - Masama ang panahon at may paparating na bagyo.





## Karagdagang Gawain

**Ipabasa nang malakas at makinig nang maigi. Bigyan ng wakas ang tekstong iyong napakinggan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.**

Ang *Coronavirus* o *COVID-19* ay isang nakahahawang sakit na dulot ng virus. May mga taong nagkakaroon ngunit walang sintomas o tinatawag na *asymptomatic* samantalang ang iba naman ay nakararanas ng mataas na lagnat, ubo at matinding paninikip ng dibdib. Narito ang ilang mga simpleng hakbang upang maproteksyunan ang kalusugan mo at ng iba.

Hugasan nang madalas ang iyong kamay gamit ng sabon, *hand sanitizer* o *alcohol*. Iwasan ang paghawak ng iyong mata, ilong, at bibig. Ugaliing magsuot ng *face mask* at *face shield* sa tuwing umaalis ng bahay. Iwasan ang pumunta sa matataong lugar o mas maigi ang pananatili sa bahay.

Upang maiwasan ang pagkakaroon ng sakit na ito, kailangang \_\_\_\_\_

*Sariling akda: Rodelyn T. Alejandro*




### **Tala para sa Guro**

*Iwawasto ng guro ang posibleng sagot ng mag-aaral.*



**N**asagot mo ba nang tama ang mga tanong? Binabati kita dahil natapos mo ang lahat ng pagsubok sa ating paglalakbay.

Batid kong naging masaya ka kaya naman sa susunod mong pag-aaral, asahan mong makakasama mp pa rin ako sa **Modyul 4: Nababago ang Dating Kaalaman batay sa Natuklasan sa Teksto.**



## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. Si Jayden ang pangunahing tauhan.
2. Dahil may oryentasyon para sa mga magulang bilang gabay ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral.
3. Inayos ang mga lumang gamit na magagamit pa sa kanilang pag-aaral.
4. Tinitipon ng mga lumang notebook, *pencil case*, lapis, at *ball pens*. Tinatahi ang pahinang magagamit pa upang magamit muli.
5. Para hindi na bumili ng bago at magamit pa ito.

6-10 Sariling sagot ng mag-aaral. Tatayahin ng guro gamit ang rubriks.

**Tuklasin**

1. Si Maria ang pangunahing tauhan sa kuwento.
2. Sariling sagot ng mag-aaral.
3. Kinahiligang niya ang musika at nataman niya na may angking kakayahang at talino sa musika.
4. Dahil sa kanilang kahusayan sa musika at katapangan sa pagharap sa buhay sa kabila ng kapansanan.
5. Sariling sagot ng mag-aaral. \*Inasahan na mayroong sariling rubriks ang guro para sa mga sariling sagot ng mga mag-aaral.

**Balikan**

Sariling sagot ng mag-aaral. Tatayahin ng guro gamit ang rubriks.

**Pagymanin**

1. D
2. A
3. D
4. D
5. A

**Gawain 1**

1. Makatatanggap ng karanigalan
2. Iniuwi sa kanilang bahay
3. nagkasakit
4. nabusog
5. Hinanap ang mga kasama

**Gawain 2**

1. Kumain sila
2. Isinuot ang sapatos

**Gawain 3**

**Isaisip**

A. Natuhan ko kung paano gamitin ang dating kaalaman sa pagbibigay wakas sa mga napakinggang kuwento, ito ay ang pagiging tapat o totoo.

B. Mahalagang matuhan ang paggamit ng dating kaalaman sa pagbibigay wakas sa napakinggang kuwento sapagkat mahahasa nito ang aking kaisipan at ang pagiging matapat.

**Isagawa**

Sariling sagot ng mag-aaral. Tatayahin ng guro gamit ang rubriks.

**Tayahin**

1. D
2. C
3. B
4. C
5. C
6. D
7. A
8. C
9. D
10. D

**Karagdagang Gawain**

Posibleng sagot:

Sasanguuni sa mga taong may sapat na kaalaman tungkol sa sakit na COVID-19 tulad Health center at ospital kung saan naroroon ang doktor, nars o mga health worker. (Maaring mag-iba-iba ang sagot ng mga mag-aaral)

## ***Sanggunian:***

- 2016 K to 12 Gabay Pangkurikulum (F6PB-Ii-14) pp.132
- Most Essential learning Competencies (MELCS) , pp.222
- Sariling Katha

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)